

Mga Serbisyo sa Pagprotekta ng Matatanda (APS) Investigations Fact Sheet

Adult Protective Services (APS) Investigations Fact Sheet

Iniiimbestigahan ng Adult Protective Services (APS) ang isang ulat na maaaring inabuso, inabandona, pinansyal na inabuso, o pinabayaan ang isang mahinang matanda. Ipinapaalam sa iyo ng dokumentong ito ang proseso ng imbestigasyon, ang iyong mga karapatan, at ibang mahalagang impormasyon. Bilang bahagi ng imbestigasyon, susuriin ng APS ang mga rekord at kakapanayamin ang mga tao tungkol sa (mga) alegasyon.

Maaaring magkaroon sa iyo ng seryosong kahihinatnan ang resulta ng pagsisiyasat. Mangyaring maingat itong basahin.

Ang tagasiyasat na nakatalaga sa iyong kaso ay:

Maaari silang makontak sa:

ANU-ANONG MGA KARAPATAN ANG MAYROON AKO?

- Mayroon kang karapatang magsama ng ikatlong partido (tulad ng isang kaibigan, abogado, kinatawan sa unyon, miyembro ng pamilya, o tagapag-alaga) sa panahon ng panayam.
- Kung hindi mo pangunahing wika ang Ingles, mayroon kang karapatan sa isang walang bayad na interpreter (Hindi pinapayagan ng APS na gamitin ang mga miyembro ng pamilya bilang mga interpreter).
- Mayroon kang karapatang huwag sumali sa panayam, itigil, o itakda ito muli.
- Mayroon kang karapatang magbigay sa APS ng mga dokumento o mga saksi kaugnay sa mga alegasyon.

PAANO AKO AABISUHAN NG APS SA KINALABASAN NG IMBESTIGASYON?

- Gumagawa ng desisyon ang APS batay sa makakalap na ebidensiya ng APS sa panahon ng imbestigasyon. Ang mga uri ng desisyon na ginagawa ng APS ay:
 - Napatunayan:** Malamang nangyari ang hinihinalang insidente
 - Hindi napatunayan:** Malamang hindi nangyari ang hinihinalang insidente
 - Hindi mapagpasiyahan:** Hindi madetermina kung nangyari o hindi ang nasabing insidente.
- Kung malalaman ng APS na malamang nangyari ang insidente, aabisuhan ka ng APS sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng isang sulat na sertipikado at sa pamamagitan ng regular na sulat.
- Kung malalaman ng APS na malamang hindi nangyari ang insidente, aabisuhan ka ng APS sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol dito. Maaari kang bigyan ng sulat ng APS kung hihiling ka nito.
- Kung hindi malaman ng APS kung nangyari o hindi ang insidente, aabisuhan ka ng APS sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol dito. Maaari kang bigyan ng sulat ng APS kung hihiling ka nito.
- Kung ang APS ay walang kasalukuyang tirahan mo, ipapadala nila ang sulat sa maling tirahan, at maaari mong malampasan ang mga mahalagang huling araw.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG HINDI NAPATUNAYANG NALAMAN?

Kung magdedesisyon ang APS na ang mga alegasyon ng pang-aabuso, kapabayaan, pag-abandona, o pinansyal na pang-aabuso ay “hindi napatunayan”, maaari kang humiling ng isang pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa nalaman. Kung tatanggapin ang desisyon ng APS sa pagtatapos ng proseso ng pagdinig, ilalagay sa rehistro ang iyong pangalan.

Kapag inilagay sa rehistro nangangahulugan ito na hindi ka maaaring magtrabaho o magboluntaryo saanman na mayroon kang hindi pinamamahalaang kaugnayan sa mga mahihinang matanda o mga bata. Sa kasalukuyan, walang paraan para maalis ang pangalan mo sa rehistro.

MAAARI BA AKONG HINDI SUMANG-AYON SA DESISYON NG APS?

- Kung magdedesisyon ang APS na **Hindi napatunayan** o **Hindi mapagpasiyahan** ang hinihinalang insidente wala kang kailangang gawin.
- Kung magdedesisyon ang APS na **Napatunayan** ang hinihinalang insidente at hindi ka sumasang-ayon maaari kang humiling ng isang pagdinig. Sasabihin sa iyo ng sulat ng APS kung paano.

Para humiling ng pagdinig, mayroon ka lamang nang hanggang 5:00 p.m. sa ika-30 ng araw sa kalendaryo matapos maipadala ang sulat ng abiso ng kagawaran o personal na maihatid sa iyo, alinman ang mauna.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Makakakuha ka ng higit pang impormasyon tungkol sa APS online sa <https://www.dshs.wa.gov/altsa/adult-protective-services-aps>.